# Dalawang Yugto Sa Digmaang Pilipino-Amerikano
## *(Ang Labanan sa Luzon)*

EDILBERTO M. VILLEGAS, PH.D.*

This article narrates and analyzes the two phases of the Philippine-American War (1899-1916). The author countervails the official position of the US that the Philippine-American War ended in April 15, 1902, when General Miguel Malvar surrendered. In fact, the guerilla campaign against the American Imperialists continued up to 1916.

The first period of the War, February 4, 1899 to November 13, 1899, when the mode of warfare was conventional with field formations of troops and trench warfare, is more extensively discussed compared to the period of guerilla warfare, (November 1899 to 1916). The military strategy and tactics of both US and Filipino forces during the period of conventional warfare as gleaned from official documents from both sides are examined and assessed. Evidences show that the US forces exploited their element of surprise to its utmost advantage, breaking a previous agreement, after they treacherously attacked San Juan and Tondo. Caught flatfooted, Filipino forces had to be hurriedly sent to Manila where the fighting raged with the American contingents making a sudden two-pronged attack to the north to capture Malolos. Filipinos fought but because of superior number and equipment, the Americans finally prevailed with the capital of Malolos falling to them on March 31, 1899. However, warfare continued with Filipinos transferring the capital from Malolos to Nueva Ecija and then to Tarlac. Many generals and high-ranking American officials were killed like General Lawton and Colonel Stosenberg from the ensuing military campaigns.

Filipinos should know that they once had an independent strong army which stood up for over a decade against the imperialist forces of the US with its far superior number and equipment. Much to the consternation of the US colonialists, the Philippine-American War, according to *"Cablenews American"*, October 9, 1907, had cost the American people $400 million, averaging $30 million a year.

---

* Has a doctorate degree in Public Administration, obtained from UP, and is the current chair of the Development Studies Program, UP Manila. He has published books on political economy, notably *Studies in Philippine Political Economy and Japanese Economic Presence in Southeast Asia* and contributed articles on Philippine studies to different journals here and abroad.

TATALAKAYIN SA SANAYSAY NA ITO ANG DALAWANG YUGTO sa digmaang Pilipino-Amerikano (1899-1916) - ang yugto ng kumbensyonal na labanan at ang yugto na labanan gerilya. Ang karamihang datos dito ay mula sa *insurgent records* na hinalaw ni John M. Taylor sa limang bolyum ng *The Philippine Insurrection Against the United States*. Ang buto ng pinagbatayan ni Taylor sa pagbuo sa limang bolyum na ito ay mga dokumento, ulat, telegrama, direktiba at iba pang rekord na nakuha ng pwersang Amerikano mula sa unang republika ng mga Pilipino. Si Taylor ay isang *intelligence officer* ng hukbong sandatahan ng Estados Unidos noong panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano at kasama siya sa ilang labanan naganap noon. Bagaman sumusulat si Taylor sa punto debista ng mga mananakop na dayuhan, maaaring nating salain mula sa pagsasalaysay niya ang mga detalye sa mga labanan sa panahong iyon.

Sa opisyal na pananaw ng mga Amerikano, ang digmaang Pilipino-Amerikano ay nagwakas noong Abril 15, 1902, pagsuko ni Heneral Miguel Malvar na pumalit kay Heneral Emilio Aguinaldo bilang presidente ng unang republika ng Pilipinas nang ang huli ay nahuli ng mga Amerikano sa Palanan, Isabela, noong Marso 23, 1901. Ngunit nagpatuloy pa ang digmaang gerilya laban sa mga Amerikano pagkatapos sumuko si Malvar sa ilalim nina Heneral Macario Sakay, Heneral Luciano San Miguel, Heneral Simeon Ola at iba pa. Sa Mindanao, nakibaka pa rin ang mga gerilyang Muslim. Ayon sa mga Historyador na mga Pilipino kagaya nina Dr. Francis Gealogo at Prof. Doroteo Abaya, maaari nating ituring ang taon 1916 bilang tunay na pagtatapos ng digmaang Pilipino-Amerikano noong ang labanan sa Mindanao ay nagwakas.

Ang buong unang yugto ng kumbensyonal na digmaan mula Pebrero 4, 1899 hanggang Nobyembre 13,1899 ang sasakupin ng akdang ito ngunit, ang yugto ng digmaang gerilya ng mga Pilipino ay hanggang 1902 lamang. Pinapaubaya namin sa ibang historyador ang pananaliksik sa mga naganap sa loob ng yugto ng labanan gerilya mula 1902 hanggang 1916. At dahil ang mga labanan lamang sa Luzon ang saklaw sa sanaysay na ito, sana'y may ibang makagawa na masinop na pananaliksik sa mga labanan gerilya sa Visayas at Mindanao mula Nobyembre 13, 1899 pataas.

## Yugto ng Kumbensyonal na Digmaan

Pebrero 4, 1899, a las nueve ng gabi, pinaputukan ng isang patrol ng mga Amerikano ang mga sundalong Pilipino sa San Juan del Monte. Ayun kay Richard Sheridan, isang saksi sa pagsiklab ng digmaang Pilipino-Amerikano, unang nagpaputok ang mga Amerikano sa mga Pilipino. Si Sheridan ay isang Ingles na *barrister at lawyer* na naninirahan sa Maynila noong naganap ang digmaang Pilipino-Amerikano. Salaysay niya:

> *"It was well known to the residents of Manila and admitted by the Americans, that the first shot was fired by them, with the result that large numbers of men, women and children were killed. The Americans in forty-eight hours slaugthered more defenceless people than did the Spaniards in two centuries. The fate of the treaty of peace was to be decided on the 6th February, and it is said that the conflict was commenced for political reasons to insure the ratification of the American treaty with Spain..."*[1]

Pati si Pedro Paterno na kilala nating bilang isang may papel sa himagsikan Pilipino na nangangawalta kung may pagkakataon, kagaya ng negosasyon sa Pact ng Biac na Bato kung saan nakatanggap siya ng daang libong piso, ay ganito ang sinabi sa pagsiklab ng labanan noong Pebrero 4:

> *"The honor, the independence, the personal safety of the Filipinos have been attached. That the aggression proceeded from the Americans is an axiom. War was far from our thoughts – we wanted to avoid it at any cost; but it is evident that the Americans delayed their attack only long enough to complete their preparations. We must now continue the war, because it is the only means of revealing the machinations and plots of that astute and ungrateful nation."*[2]

Mula sa ulat ng mga sundalong Pilipino na unang sumabak sa labanan, ito ang nakuha ni Taylor tungkol sa insidente sa San Juan.

> *"Among the papers captured from the insurgents are many which relate to the outbreak of hostilities The officer commanding at San Juan del Monte telegraphed to Malolos (Exhibit 501) that the Americans had opened fire at 9 p.m. on the night of February 4, and that as this had continued in spite of his silence the insurgents had finally begun firing.....The corporal commanding the patrol which provoked the first fire from the Americans reported that while standing with two soldiers at the door of blockhouse*

*No.7 he had been fired upon by one of the American soldiers passing on the road near Santol..."*[3]

Sumalakay ang pwersa ni General Hughes sa hudyat ng unang putukan sa mga pwersang Pilipino sa Tundo at napatay ang 50 hanggang 60 Pilipino.

Noong Pebrero 5 (Linggo), alas tres ng umaga sa Malolos, Bulacan, dahil sa hindi inaasahang biglang pag-atake ng mga Amerikano, marami sa mga kawal Pilipino ay nasa kanilang mga pamilya at kaibigan. Nang mabalitaan nila sa pamamagitan ng telegrama na naglalabanan na sa Maynila, dali-daling nagsibalik sila sa kanilang mga puwesto. Alas tres pa lamang ng umaga, 10 kumpanya na mga sundalong Pilipino na sakay sa tren ang pinadala sa Maynila mula sa Malolos. Binigyan sila ng amunisyon mula sa *supply depot* sa Malolos at halos maubos ang mga bala.

Lingid sa kaalaman ng mga Pilipino, binabantayan pala ng mga Amerikano ang riles ng tren na sakay ang *reinforcement* ng mga Pilipino mula sa Malolos. Kinanyon nila ang mga riles at sumabog ang isang tren na dala ang mga bala. Ganoon pa man, may mga kumpanyang Pilipino ang nakarating sa Maynila.

Alas sais y media ng umaga ng Febrero 5, kinanyon ng mga barkong pandigma ni Commodore Dewey na nakatalaga sa Manila Bay ang mga pwersang Pilipino sa Tundo.

Gabi ng ika-5 ng Pebrero, sinalakay ng mga Amerikano ang Pasay hanggang Makati sa timog at ang San Juan sa hilaga. Ayon kay General Otis, ang pangkalahatang hepe ng hukbong Amerikano, sa unang sagupaang ito, may 500 hanggang 1000 Pilipino ang nasawi at 3500 ang sugatan at naging preso. Sa mga Amerikano naman, ayon sa kanya, may 250 patay at sugatan.

Mula Pebrero 6 hanggang Pebrero 8, mahigpit ang naging labanan. Noong ika-8 ng Pebrero, pumasok ang mga *gunboat* ng mga Amerikano sa ilog Pasig. Sinakop nila ang tulay sa Pasig, kaya ang mga pwersang Pilipino ay kinailangang gumamit ng mga bangka upang makatawid ng ilog. Ngunit, nagtagumpay ang mga Pilipino sa gitna ng matinding panganganyon ng mga kaaway. Umatras ang *California regiment* na nakatalaga sa Makati at Pasay.[4] Patuloy ang pagsalakay ng mga Pilipino sa pamumuno

ni Heneral Artemio Ricarte at Heneral Luciano San Miguel at nakuha nila ang Pateros at Taguig. Umabante sila patungong Guadalupe at namiligro ang tropa ni General Anderson.

Noong ika-9 ng Pebrero, sa hilaga naman nalipat ang aksyon. Ang pwersang Pilipino sa ilalim ni Heneral Antonio Luna ay natagpuan sa Caloocan. Sa kaliwa nito natagpuan ang pwersa ni General Arthur MacArthur. Sumunod na araw hinarap ng pwersa ni General MacArthur ang pwersa ni Luna at sinabayan ito ng panganganyon ng mga barko ni Dewey.

Sa bahaging ito, pakinggan muna natin ang salaysay ni Sheridan sa inasal ng mga Amerikano sa mga unang araw ng labanan:

> *"The Americans have committed many atrocities in Manila. They set fire to the hamlet of Paco, shooting women and children fleeing from their homes, (confirmed by European residents in Paco, who were eye-witnesses), burnt Santa Ana, and are looting and robbing houses in Manila and the suburbs, and the places they have succeeded in taking. For a few days they allowed families to leave Manila, but they robbed and despoiled all who left, making even women denude themselves. One of the latter who resisted being denuded boxed a soldier's ear who had dared to lay hands on her. She was shot on the spot. Even tragedies have their ridiculous side, however, and a cheeky woman, noticing what was happening to her companions, suddenly placed herself in the habit of Lady Godiva before the astonished soldier, who was so confounded that she got away free. The Americans, thanks to their unexpected movement, have succeeded in advancing their lines to Malibay, Pateros, Pasig, Mariquina, and Caloocan, after looting all they could find in their way, and burning every Filipino house..."* [5]

Noong ika-15 ng Pebrero, matindi ang labanan sa Tundo kung saan ang pwersa ni General Hughes ay hinarap ang 1000 tropang Pilipino na nagtayo ng mga barikada sa lugar na ito. Ayun sa mga Amerikano, ang patay at sugatan na Pilipino sa labanang ito ay umabot sa 500.[6] Sunod-sunod ang opensiba at kontra-opensiba mula Pebrero 16 hanggang Pebrero 21 ng dalawang hukbo naglalabanan at napaatras ang pwersang Pilipino sa Caloocan pagdating ng Pebrero 22. Ayun kay Luna, natalo ang pwersang Pilipino sa Caloocan dahil sa hindi pagsipot ng mga kumpanya galing sa Cavite Viejo. Hindi rin dumating ang tulong

mula sa kumparyang ito upang sumuporta sa kontra-opensiba ni Heneral Francisco Roman, ang *chief of staff* ni Luna laban sa kaliwa at likod ng pwersa ni Gen. MacArthur. Kasama sa opensibang ito ni Heneral Roman ang mga "sandatahanes" na ang tawag ng mga Amerikano ay "the conquering swordsmen". Ang mga sandatahanes ay kabilang sa mga milisiya ng mga mamamayan na binuo ng pamahalaang Pilipino noong panahon na iyon. Dahil sa hindi pagsipot ng kumpanya mula sa Cavite Viejo, nagbitiw ng panunungkulan si Luna noong pangalawang linggo ng Marso.

Mula Pebrero 25 hanggang Marso 7, 1899, sumalakay ng sunod-sunod ang mga Pilipino, ngunit ang mga Amerikano ay hindi napaalis sa kanilang mga trinsera. Samantala, dumating ang mga *reinforcement* ng mga Amerikano—isang *regiment* noong ika-23 ng Pebrero at isa pa noong ika-15 ng Marso—lumaki ang tropa ng mga dayuhan sa Maynila sa 15,000. Ang tantya naman ni General Elweil Otis sa pwersa ni Luna ay may 6,000 hanggang 8,000. Dumating din ang dalawang *regiment* sa ilalim ni Major General Lawton noong ika-10 at ika-23 ng Marso. Inorganisa ni General Otis ang mga tropa niya sa dalawang dibisyon at tatlong brigada. Ang una sa ilalim ni General MacArthtur at ang pangalawa sa ilalim ni Gen. Lawton. Noong ika-24 ng Marso, si General MacArthur ay nag-umpisang umatake sa mga tropang Pilipino na muling naokupa ang ilang posisyon sa Caloocan hanggang Balintawak. Napaatras ang mga Pilipino mula sa linya sa Tuliban River at Polo. Sa kinaumagahan ng Marso 26, mabagsik ang naganap na labanan. Sabi ni Taylor: *"From that date to the end of the month, General MacArthur drove back his opponent, who contested every village and locality capable of defense..."* Pagsapit ng ika-31 Marso, nahulog ang Malolos sa kamay ng mga dayuhan.

Samantala, noong ika-10 ng Marso, sa parteng timog ng ilog Pasig, ang pwersa ni General Wheaton ay nagkontra-opensiba at nakuha muli ang Pateros at Taguig. Naputol ang komunikasyon ng mga Pilipino mula hilaga at timog.

Pagbagsak ng Malolos, nagpalabas ng utos ang pamahalaan ng mga Pilipino na gumawa ng mga trinsera upang hadlangan ang

abante ng mga pwersang Amerikano. Naghukay din ng trinsera sa mga baybay-dagat sa mga probinsiya malapit sa dagat dahil maaaring lumusob ang mga barko ng mga Amerikano doon. Pinuna ni Taylor ang ganito:

> *"They succeeded in doing this, for the surface of central Luzon was crossed by great intrenchments which were so strong that they might have been called fieldworks. The work ordered constructed at Navotas on March 23, 1899, was to have a parapet 8 meters thick, while the interior was to be covered with sand to prevent the explosion of shells on impact. The subsidiary works were to have parapets 3 meters thick. This work was unusually strong, but the whole seacoast was lined with intrenchments. On April 7, 1899, Felipe Buencamino was making a tour of inspection of northern Luzon, and wrote that 636 trenches had been constructed between Rabon, Union Province, and Bangul in Ilocos Norte, and in Abra Province. These were all well designed and provided for crossed fire. As they defended all the principal roads and the ports, he thought the Americans would not be able to land: or if they did, they would have great difficulty in advancing...."* [8]

Nang bumagsak ang Malolos, nilipat ang kapital ng republika ng Pilipinas sa San Isidro, Nueva Ecija at pinatawag muli si Luna sa kanyang pagkabitiw ng panunungkulan upang manilbihan muli sa hukbo ng mga Pilipino at hadlangan ang pag-abante ng mga Amerikano. Pumayag naman si Luna at nagtayo siya ng malawak na depensa sa Calumpit, Bulacan.

Ang isang malaking disbentahe ng pwersang Pilipino laban sa mga mananakop ay ang kakulangan nila ng kagamitan pangdigma, kagaya ng riple, kanyon, at mga bala. Halimbawa, sa isang brigada ng mga Pilipino na may 1,500 na sundalo, 800 lamang ang riple. Sa katunayan, maraming sundalong Pilipino ay armado lamang ng itak at sibat. Tungkol naman sa bala, ito ang nabanggit ni Taylor:

> *"...they besides suffered from a chronic shortness of ammunition which had become so valuable that one of the duties of the sandatahan was to accompany the insurgents armed with firearms and pick up the empty cartridge shells and the cartridges they dropped. Cartridge shells thrown away by the Americans were always gathered up by the people living in the vicinity of the place where an action had taken place and turned over to the nearest insurgent*

> *commander. As early as March, 1899, a very considerable mechanical ingenuity was being displayed in their manufacture from tin and zinc; but such ammunition loaded with powder of native manufacture, was exteremely unsatisfactory. On May 5 1899, General Macabulos offered 25 pesos for every rifle captured from the enemy and 5 pesos for every hundred rounds of ammunition."*[9]

Si General MacArthur ay sumulong noong ika-24 ng Abril patungong ilog ng Calumpit kung saan ang isang bahagi ng tulay ng riles ay pinasabog ng tropa ni Luna, kaya hindi nakatawid ang tropa niya. Sa kabilang pampang, naghihintay ang mga Pilipino sa mga trinsera nila. Ang brigada ni General Hale ay pinadala sa may silangan ng ilog at tumawid sa harap na matinding pagpuputok ng mga Pilipino. Sinabayan ni General Wheaton ang atake ni Hale upang makatawid sa tulay; na nakumpuni ng bahagya ng mga Amerikano. Pagdating ng ika-28 ng Abril, tuloy-tuloy na panganganyon ng tropa ni MacArthur, kasabay ng opensiba ng 4,000 sundalo ni General Lawton na nanggaling sa Caloocan at dumaan sa Norzagaray upang atakihin ang likod ng pwersang Pilipino. Umatras ang hukbo ni Luna na may 4,000 ang bilang. Ang bagsik ng labanan sa Calumpit ay makikita na sa pitong kumpanya ng Bulacan batalyon na nakatalaga sa Hagonoy, sampung porsyento ng nabanggit na bilang ang nalagas.[10]

Nagtelegrama si Luna na ang kanyang pwersa ay umatras dahil sa naubusan sila ng bala. Humingi siya ng *reinforcement* na 1000 na katao at sinabi kay Aguinaldo ang amunisyon niya ay husto na lamang para sa isang araw. Walang pinadala na dagdag na tao o bala si Aguinaldo. Sa katunayan, kakaunti na ang natitirang bala sa sentral na suplay sa San Isidro, Nueva Ecija.

Patuloy ang abante ng pwersa ni General MacArthur, ngunit ito ay nahadlangan sa San Fernando, Pampanga, bagaman ang tropa ni Lawton ay nakuha ang Maasim, Baliwag at Quinqua. Habang nabara si MacArthur sa San Fernando, nagpadala ng mga magagaan na barko (light-draft vessels) si Otis sa ilog Rio Grande sakay ang tropa ni Lawton na bumaba sa San Miguel, Pampanga. Noong Mayo 14, ang pwersa ni Lawton ay sumalakay sa Idelfonso. Nilisan nina Aguinaldo ang San Isidro at lumipat

sa Cabanatuan. Bumagsak ang San Isidro at umatras sa Tarlac ang pwersa ni Luna na may 3,000 sundalo.[11]

Ang tantya ng mga Amerikano ng kabuuang pwersa ng mga Pilipino sa Bulacan at Pampanga ay 21,120 sundalo ni Heneral Tomas Mascardo, na pangkalahatang hepe ng dalawang probinsiyang ito. Si Luna ay isa lang heneral sa ilalim ng hukbong ito. Noong ika-29 ng Mayo, si Hereral Concepcion mula sa kanyang himpilan sa Angeles ay humiling kay Heneral Mascardo na atakihin ang mga Amerikano sa San Fernando, ngunit hindi nagawa ito ni Heneral Mascardo dahil ayun sa kanya wala na siyang bala.[12]

Noong Mayo, 1899, anim na regular na *regiment* ng mga Amerikano ang dumating sa Maynila upang palitan ang mga *volunteer* na pinauwi na. Pagkatapos ng labanan sa Calumpit, minungkahi ni Luna kay Aguinaldo na maglunsad na ng digmaang gerilya, ngunit hindi ito pinakinggan ng huli, sa halip ay inutusan pa si Luna na ipatuloy ang kumbensyonal na digmaan. Ang ibig ni Aguinaldo ay ipakita sa mga Amerikano na kaya pa ng mga Pilipino ipagpatuloy ang kumbensyunal na pakikipagdigmaan at sa ganito ay mapilitan ang mga dayuhan na humiling ng tigil putukan. Nais din ni Aguinaldo na maimpluwensiyahan ang resulta ng eleksyon na gaganapin sa Amerika sa darating na Nobyembre, kung saan inaasahan niyang mananalo si William Jennings Bryan bilang presidente. Si Bryan, isang Democrat na kalaban ni President William Mackinley ay tutol sa pananakop ng Estados Unidos (E. U.) sa Pilipinas. Sa katunayan, nagpadala si Aguinaldo ng isang *peace commission* sa Maynila sa pamumuno ni Colonel Arguelles. Nang malaman ni Luna ito ay agad pinaaresto niya si Colonel Arguelles at inutusan na mag-*suicide* para mapreserba ng huli ang kanyang dangal. Hindi naman ito ginawa ni Arguelles. Pati sina Pedro Paterno at Felipe Buencamino, dalawang ilustrado sa Malolos Congress, ay ibig din makipagkasunduan sa mga Amerikano, kaya nag-utos si Luna na arestuhin sila. Dito nag-umpisa ang pag-iintriga laban kay Luna ng kanyang mga kaaway na pinapaniwalaan naman ni Aguinaldo, lalo na dahil pinababa sa ranggo ni Luna ang mga opisyal ng Kawit Batalyon na ayaw sumunod sa kanya sa isang

labanan sa sentral Luzon. Ayon sa mga opisyal ng Batalyon na ito, susunod lamang sila sa utos na bigay ni Aguinaldo. Isa sa mga intriga laban kay Luna ng isang ahente ni Aguinaldo sa Pangasinan ay mababasa sa sulat sa ibaba:

> "Ang mga tao ay pinayuhan na huwag tumakbo o tumago sa mga Amerikano dahil nagkaroon ng kasunduan sa kanila na hindi sila sasaktan ng mga Amerikano at ang kanilang ari-arian ay hindi kukumpiskahin. Hindi ko nalalaman ang kundisyon ng kasunduang ito, ngunit naririnig ko na tinatawag nila si Heneral Luna na presidente ng republika at heneral ng operasyon; nang pagdating ng mga Amerikano hindi nila ito lalabanan, ngunit sila at ang mga Amerikano ay ang lalabanan ay tayo, mga Tagalog, at kapag nanalo sila magkakaroon ng kalayaan sila, at si Heneral Luna ay magiging hari nila at kapag nakaupo na si Luna sa trono, papatayin tayo isa-isa..."[13]

Bunga ng bali-balitang ito ay pinatawag ni Aguinaldo si Luna na tumungo sa Cabanatuan noong Hunyo 5, 1899 dahil daw sa may mga mahalagang pag-uusapan. Iniwan ni Luna ang kanyang tropa sa Tarlac upang sumunod sa utos ng presidente ng republika. Yaon pala wala si Aguinaldo sa Cabanatuan at lumuwas patungong Tarlac. Sa Tarlac kinuha ni Aguinaldo ang pamunuan ng tropa sa probinsiyang ito at inaresto ang mga komisyoner na natagpuan dito. Ang layo ng nilakbay nina Luna at ng kanyang *chief of staff* na si Heneral Francisco Roman sa pangangabayo, dalawang araw patungong Cabanatuan at nadagdagan ng galit nang nadatnan niya ang mga sundalo ng Kawit Batalyon at sina Paterno at Buencamino. Dahil sa galit ni Luna na nakita na wala pala si Aguinaldo at hindi nakakulong sina Paterno at Buencamino, pinagsasampal niya ang dalawa. Pagbaba niya mula sa bilding ng himpilan, pinagtatanggal din niya ang mga tsapa ng mga sundalo ng Kawit Batalyon. Dito pinagbabaril siya at ang kasama niya na si Heneral Roman ng mga gwardiya mula sa Kawit Batalyon.[14] Kaugnay nito, sabi ni Aguinaldo sa isang amerikanong opisyal noong mahuli siya sa Palanan, Isabela na siya ang nag-utos barilin si Luna dahil ang huli daw ay nag-oorganisa ng isang *coup-de-etat* o kudeta laban sa kanya. Tandaan natin ganito din ang sinabi ni Aguinaldo tungkol sa pagkapatay kay Bonifacio sa isang interbyu na binigay

ng una para sa isang diyaryo ng mga Kastila noong Disyembre, 1896, bago siya maglakbay tungong Hongkong bilang kundisyon ng Pacto ng Biak na Bato.[16]

Noong Hunyo 6, 1899, isang araw pagkapatay kay Luna, pinoroklama ang Tarlac bilang bagong kapital ng pamahalaang Pilipino ni Aguinaldo. Sumalakay muli noong ika-12 ng Hunyo ang mga sundalo nina Mascardo, Macabulos at San Miguel, na umabot sa 4,000 kawal, laban sa trinsera ng mga Amerikano sa San Fernando. Hindi nagwagi ang mga sundalong Pilipino dahil sa kakulangan ulit ng bala. Noong Septyembre 1, ang lawak ng trinsera ng mga Amerikano sa sentral Luzon ay mula sa San Fernando, Pampanga hanggang Baliwag, Bulacan.

Samantala, alamin naman natin ang aktibidades ng pwersang Pilipino sa timog Luzon. Nakatipon ang 6,000 na sundalong Pilipino sa timog ng Maynila at 7,500 sa silangan ng lungsod na ito sa pamumuno ni Heneral Pio del Pilar at Heneral Ricarte. Linipat ang tropa, ni Lawton mula sa kampanya sa sentral Luzon at ipinadala sa timog Luzon. Sinalakay niya ang pwersa ni Heneral Pio del Pilar sa Morong, Rizal Nilusob din ng mga Amerikano ang Calamba sa pamamagitan ng isang ekspedisyon sa Laguna de Bay. Mula Agosto hanggang Disyembre, sunod-sunod na opensiba ang nilunsad ng tropa ni Heneral Miguel Malvar upang mabawi ang Calamba, ngunit hindi siya nagwagi.[17] Umabante ang 4,000 tropa ni Lawton noong ika 9 ng Hunyo at napaalis ng mga Amerikano ang mga Pilipino sa Las Piñas at Parañaque, ngunit napigil ang opensiba ng mga dayuhan sa harap ng mga trinsera ng mga Pilipino sa ilog Zapote. Pinagkakanyon ng US navy ang mga trinserang ito at umatras ang mga Pilipino.[18]

Balik tayo sa mga nagaganap sa labanan sa sentral Luzon. Noong Oktubre 7, nagsimula ang walang tigil na panganganyon sa mga trinsera ng mga Pilipino. Ngunit, sa tawag ng kanilang kabayanihan na hiling ng kanilang pinuno, sumalakay sunod-sunod ang mga Pilipino dala-dala ang bandera ng republika sa mga trinsera ng mga Amerikano sa Baliwag. Mabagsik ang umiiral na labanan, mano a mano, at ang mga bangkay ng mga tropa ay pinuno ang mga trinsera ng mga Amerikano. Ngunit sa mas mahusay na kagamitan ng mga Amerikano—mga Maxim

machine gun at kanyon — nakuha ni General MacArthur ang Magalang at Cabanatuan at ni General Young ang Talavera. Sa araw ding ito, ika-7 ng Nobyembre, ang Mabalacat ay nahulog sa kamay ni General Franklin Bell. At pagdating na Nobyembre 12, bumagsak ang Tarlac, ang pinakahuling kapital ng unang republika ng Pilipinas. Si Aguinaldo ay nakatakas patungong Isabela.[18]

Ilan ang naging patay sa hukbong Amerikano sa unang yugto ng digmaang Pilipino-Amerikano? Ayun kay Felipe Buencamino, batay sa opisyal na rekord ng pamahalaang Pilipino noong panahon na iyon, may lampas sa 23,000 Amerikano ang napatay. Ang tantya naman ni Isabelo de los Reyes, isang kolonel sa digmaaang Pilipino Amerikano, may 29,100 ang patay na Amerikano mula Pebrero 4, 1899 hanggang Nobyembre, 1899. Ngunit, kay Taylor ang kabuuang namatay sa pwersang Amerikano sa unang yugto ng labanan ay 1485 lamang (634 dito ay namatay sa sakit).[19] Sa mga Pilipino naman, ang tantya ni General Franklin Bell noong Mayo, 1901 pagpasok ng pangatlong taon ng digmaan sa isang interbyu binigay niya sa *New York Times*, may 600,000 na ang patay na mga Pilipino sa Luzon lamang.[20] Kung aming isa-alang-alang na ang buong pwersa ng mga Pilipino ay 50,000 (mataas na tantya) laban sa 150,000 pwersang Amerikano (mataas na tantya), lumalabas na ang karamihan ng kasualidad sa hanay ng mga Pilipino sa Luzon lamang ay mga sibilyan sapagkat hindi naman naubos ang hukbo ng Pilipino hanggang katapusan ng digmaang Pilipino-Amerikano noong 1916.

## YUGTO NG DIGMAANG GERILYA

Pagkabagsak ng Tarlac sa kamay ng mga Amerikano, pinoroklama ni Aguinaldo ang paglunsad ng digmaang gerilya laban sa kaaway noong Nobyembre 13, 1899.

Pagkatapos ng kampanya sa sentral Luzon, ang mga *outpost* ng mga Amerikano sa timog Luzon noong Disyembre ay nasa Imus, Bacoor, tulay ng Zapote, Paranaque at Calamba sa paghahanda nila sa pangalawang yugto ng kampanya militar sa lugar na ito. Nagsimulang sumalakay ang mga Amerikano tungo sa Biñan at Naic. Sa opensibang ito, napatay si General Lawton

sa San Mateo sa sagupaan laban sa pwersa ni Heneral Lecerio Geronimo noong Disyembre 19,1899. (Ang isa pang mataas na opisyal na Amerikano na napatay sa kampanya sa Pampanga ay si Colonel Stosenberg, kung kanino ipinangalan ang Fort Stosenberg na naging Clark Field.)

Ang kabuuang estratehiya ng mga Amerikano sa paglunsad nila ng giyerang pananakop ay kuhanin muna ang kapital ng pamahalaan ng Pilipinas sa hilagang Luzon sa pamamagitan ng pagtitipon ng bulto ng kanilang hukbo sa kampanyang ito. Kaya habang sumasalakay ang mga Amerikano sa hilaga, nagtayo lamang muna sila ng mga *garrison* sa timog Luzon sa lugar na nakuha nila sa mga labanan mula Pebrero 4 hanggang unang linggo ng Marso. Pagbagsak ng Tarlac, ang huling kapital ng unang republika ng Pilipinas, agad nilipat ng mga Amerikano ang mga pwersa nina Lawton at Bell para sa kampanya sa timog Luzon.

Ang naganap sa panahon ng yugto ng labanan gerilya sa digmaang Pilipino-Amerikano ay isa sa pinaka-malagim na yugto sa anumang digmaan sa kasaysayan ng tao sa Europa. Halos lahat ng bansa ay kinokondena ang imperyalistang pananakop na ginagawa ng E. U. sa Pilipinas. Nagtatag ng *European committee* ang mga Pilipino upang mangalap ng tulong mula sa mga taga-Europa para sa pagkamit ng kalayaan nila. Kahit na si Nicolai Lenin na alam ang nangyayari sa digmaang Pilipino-Amerikano ay ito ay sinabi sa kanyang librong *Imperialism-the Highest Stage of Capitalism*:

> *"In the United States, the imperialist war waged against Spain in 1898 stirred up the opposition of the "anti-imperialists", the last of the Mohicans of bourgeois democracy who declared this war to be "criminal", regarded the anexation of foreign territories as a violation of the Constitution, declared that the treatment of Aguinaldo, leader of the Filipinos (the Americans promised him the independence of his country, but later landed troops and annexed it), was "Jingo treachery", and quoted the words of Lincoln: "When the white man governs himself, that is self-government; but when he governs himself and also governs others, it is no longer self-government; it is despotism." But as long as all this criticism shrank from recognising the inseverable bond between imperialism and*

> *the trusts, and, therefore, between imperialism and the foundations of capitalism, while it shrank from joining the forces engendered by large-scale capitalism and its development-it remained a "pious wish".*[21]

Ang protesta sa digmaang Pilipino-Amerikano ay makikita sa malawakang oposisyon laban dito sa hanay ng mamamayang Amerikano na pinamunuan ng *Anti-Imperialist League* na nabanggit ni Lenin. Kabilang sa mga miyembro ng *League* ay ang manunulat na si Mark Twain at si William Jennings Bryan. Ang mga negro sa hukbo ng pwersang Amerikano sa Pilipinas noong panahon na iyun ay ayaw din lumaban sa mga Pilipino. Higit sa 400 sa kanila ang kinulong sa Bilibid Prison. Nang mabalitaan ng mga Pilipino ang pagkakulong na ito, ay agad nagpalabas sila ng anunsiyo sa wikang ingles na nakadirekta sa mga negrong sundalo sa ilalim ng hukbong Amerikano. Sabi ng anunsyo:

> *"Your masters have thrown you to the most iniquitous fight with double purpose. In orders to be you the instrument of their ambition. And also your hard work will make soon the extinction of your race. Your friends the Filipinos give you this good warning. Your must consider your situation and your history. And take care that the blood of your brothers Sam Heose and Grey proclaim vengence."*[22] (Si Sam Heose at Grey ay parehong binitay ng mga lynch mob sa Amerika.)

May mga Negro na sumali sa hukbong Pilipino, ang pinakakilala ay isang nagngangalang David Fegan.

Buong lupit ang pagpapairal ng kampanya ng pwersang Amerikano laban sa mga Filipino upang supilin ang mga gerilya. Dahil hindi nila matanto kung sino ang gerilya at sino ang hindi, sapagkat malawakan ang suporta ng masa sa kanilang kalahi, ang taktika na nilunsad ng mga dayuhan ay *hamletting* o rekonsentrasyon. Ang *hamleting* ay unang nilunsad ng mga Amerikano sa probinsiya ng Batangas kung saan ang punong himpilan na hukbong Pilipino ay nilipat pagkahuli kay Aguinaldo sa Isabela noong Marso 23, 1901. Ang pumalit kay Aguinaldo ay si Heneral Miguel Malvar bilang presidente ng republika. Dahil sa kampanyang *hamleting* na ang katangian ay panununog ng mga bahay, ani at iba pang pag-aari ng mga Pilipino kung hindi sila lilipat sa mga tinatawag na "safe zone" ng mga Amerikano. $^1/_3$ ng

kabuoang populasyon ng Batangas na 289,000 ay naubos pagkatapos ng militarisasyon sa probinsyang ito. Ganito ang inutos ni Bell tungkol sa kampanyang *hamleting*:

> *"Commanding officers will also see that orders are at once given and distributed to all the inhabitants within the jurisdiction of towns over which they exercise supervision, informing them of the danger of remaining outside of these limits, and that unless they move by December 25 from outlying barrics and districts, with all their movable food supplies, including rice, palay, chickens, live stock, etc., to within the limits of the zone established at their own or nearest town, their property (found outside of said zone at said date) will become liable to confiscation or destruction..."*[23]

Unang pinairal ng mga Amerikano ang taktika ng *hamleting* sa mga Indyan sa Amerika noong unang bahagi ng 1800 at gagawin muli nila ito sa mga Vietnamese sa panahon ng Vietnam War (1966 -1975).

Ang mga balangay ng Katipunan ay binuhay muli sa lahat ng mga probinsiya sa yugto ng digmaang gerilya, kaya hindi malaman ng kaaway kung sino ang pagtitiwalaan at sino ang kalaban. Kailangan malaman na sa mga probinsiya na hindi pa nahuhulog sa mga Amerikano ay mayroon ng mga nahalal na mga mayor, *gobernadorcillo* at *cabeza de barangay* sa ilalim ng republikang Pilipino. Binubuwisan ng mga lokal na opisyal ang mga tao sa kanilang teritoryo na malugod naman nagbibigay ng suporta para sa paglunsad ng digmaan laban sa mga dayuhan. Nagmemeteni sila ng mga pulis at lokal na milisiya at nangongolekta ng taripa sa mga barko, lokal man o pag-aari ng ibang dayuhan, sa mga dumadaong sa mga pier ng mga probinsiya malapit sa dagat, kagaya ng Ilokos at Tayabas. Kapag na-okupa ang isang probinsiya ng mga dayuhan at inorganisa nila ang istruktura ng pamahalaan dito ayun sa kanilang programa, ang mga opisyal na Pilipino ay kunwari'y nakikisama sa mga Amerikano, ngunit tuloy ang palihim na pagsuporta sa hukbong Pilipino. Ito ang obserbasyon ni Taylor hinggil dito:

> *"The establishment of municipal government under American auspices in 1899 and 1900 carried of course, the idea of exclusive fidelity to the United States, all the formal*

> *obligations to that end were assumed by the municipal bodies and all outward forms of loyalty were carefully preserved. But insurgent municipal governments had already been organized in these towns, and either the old officials remained, or new ones were chosen who continued as secret agents of the guerillas. In many case the town officials openly served the Americans while they secretly aided the insurrection, with considerable apparent solicitude for both. In all matters touching the peace of the town, the regulation of markets, the primitive work possible on roads, streets, and bridges, and the institution of schools, their open activity was commendable, at the same time they were exacting and collecting contributions and supplies and recruiting men for the Filipino forces, and sending all obtainable military information to the Filipino leaders. Throughout the archipelago wherever there was group of the insurgent army the neighboring pueblo contributed to its maintenance. In other words, the pueblos, regardless of the fact of American occupation and organization, were the actual bases for all insurgent activities, not only in the sense of furnishing supplies to the guerilla bands, but also as affording their members secure places of refuge. Indeed it was one of the axioms of Filipino guerilla tactics that a band should dissolve when too hard pressed and its members should take refuge in the nearest barrio, which was quickly done by reason of the assistance of the people and the ease with which the Filipino soldier was transferred into the appearance of a peaceful native."* [24]

Kailangan magtalaga ng 502 na *outpost* sa buong kapuluan na may 69,720 na tropa ang mga Amerikano upang sugpuin ang mga gerilya. Sa Maynila may kumikilos na palihim na komite ang mga Pilipino na nakikipag-ugnay sa sentral komite ng Hongkong Junta at sa mga komite na patago sa mga lalawigan. Ang sabi ni General Chafee at General Bell, mga heneral na pinadala laban sa pwersa ni Malvar, *"the condition was without a parallel in the history of any country long occupied by an invading and conquering army."*[25] Ang aktibidades ng mga gerilya, ayun sa dalawang heneral na ito, ay mas matindi sa probinsya ng Batangas, Laguna, Cavite, Tayabas at Mindoro. Binabalaan ang lahat ng sundalong Amerikano na huwag lalayo sa kanilang garison dahil maaaring mabaril na lamang sila na hindi malaman kung saan galing ang bala. [26]

Tungkol sa estratehiyang gerilya na nilunsad ng mga Pilipino, ito ang sabi ni Isabelo de los Reyes, isang kolonel sa hukbong Pilipino:

"Ang layunin ng mga gerilya ay palaging labanan ang mga Yankee sa mga bayan okupado nila, atakihin ang kanilang mga convoy, gumawa ng pananambang sa kanilang mga patrol, sa kanilang mga espiya at pati na sa kanilang mga maliit na grupo, ginugulantang ang kanilang mga *detachment* at *column* sa biglang atake natin sa mga lugar paborable sa atin, at pinapatawan ng matinding parusa ang mga traydor bilang halimbawa sa taumbayan na kaduwagan ang tumanggap ng ginto sa mga mananakop. Ang mga gerilya ay aalagaaan din ng tapat ang mga taumbayan at babatayan ang kanilang mga ari-arian at ipagtatanggol sila sa mga bandido at mga magnanakaw.

Sapat na ang 500 Pilipino para sa bawat probinsiya. Kailangan ikalat natin ang mga gerilya sa lahat na bayan na may base para sa kanilang operasyon sa mga kabundukan ng mga probinsiya. Ang gerilya sa mga probinsiya ay kailangan maliit lang na grupo kumilos para hindi makakuha ng pansin at para mabilis maglaho kung kailangan. Kapag ang mga kaaway ay umatake, ang mga grupong gerilyang ito ay aatras sa kanilang mga base at kapag napagod ang mga humahabol na pwersang Amerikano ay tatambangan nila ang mga ito mula sa mga estratehiyang posisyon.

Hayaan ang matinding klima ng Pilipinas na makabawas sa rango ng pwersang Amerikano, at huwag natin kalimutan na ang ating layunin ay patagalin ang giyera. Ngunit kailangan din samantalahin natin ang anumang pagkakataon sa anumang pagkakamali na magawa ng kaaway upang patawan siya ng pinakamabigat na pinsala."[27]

Ito naman ang proklamasyon ni Heneral Malvar tungkol sa paglulunsad ng isang matagalang digmaang bayan laban sa mga Amerikano sa isang direktiba na pinalabas niya para sa buong hukbo at mamamayang Pilipino noong July 13,1901:

"Sa lahat ng Mga Pilipino, pagtitiyaga, pagtitiyaga at laging pagtitiyaga, na walang iniisip na takot na magsakripisyo at patuloy na magsakripisyo. Lahat ng mga tao na pinaglaban ang kanilang kalayaan ay nangailangan na patuloy makibaka sa loob ng 12, 16, 18 at mas marami pang taon. Ang mga Amerikano ay kailangan makibaka laban sa mga Ingles sa loob ng siyam na taon. Tayo ay nakikibaka na sa loob ng limang taon. Magpatuloy tayong lumaban, dahil ang

determinasyon ng masa ay laging mas malakas pa sa pinakamalakas na hukbo."[28]

Ang kalupitan ng mga Amerikano dahil sa kanilang desperasyon lipulin ang mga gerilya ay makikita sa pinalabas nilang General Order No. 100 na nagbabala na ang mga preso ay babarilin, kung magkakaroon ng asasinasyon mula sa hanay ng mga gerilya laban sa kanila. At noong naganap ang libing ni General Lawton noong Disyembre 30,1899, dahil nakakuha siya ng impormasyon na may balak patayin si General Otis na kasama sa libing, nagbabala si Colonel Williston, ang *provost marshall general* ng Maynila, na kapag nagkaroon ng pagbabaril kay General Otis mula sa anumang bahay dadaanan ng karwahe ng bangkay ni Lawton, lahat ng nakatira sa bahay na iyun ay papatayin.[29]

Ang pagpapagutom sa mga preso sa Batangas ay ginawa din ni General Bell, para pilitin si Heneral Malvar na sumuko. Marami ng mga preso ang napatay na mga Amerikano dahil sa retalyasyon nila laban sa mga gerilya. Dahil sa malawakang *hamleting* at paggutom sa mga preso, napilitan sumuko si Malvar noong Abril 15,1902. Pagkasuko ni Malvar, dineklara ng gobyerno ng Amerika na ang digmaang Pilipino-Amerikano ay nagwakas na. Noong Nobyembre 12, 1902, nagpalabas ang mga Amerikano ng *Anti-Brigandage Act* na nagsaad na lahat ng Pilipino na patuloy pang lumaban ay ituturing mga bandido at nararapat bitayin kung mahuli. Sa batas na ito binitay nila si Heneral Macario Sakay at si Kolonel Lucio de Vega. Ngunit, patuloy pa rin nakibaka ang mga Filipino, sina Heneral Macario Sakay at, Heneral Lucio San Miguel, Heneral Simeon Ola at iba pa hanggang 1916.

Ang kabuuang ginastos ng mga Amerikano sa paglunsad ng digmaang Pilipino-Amerikano ay daang-daang milyong dolyar. Noong Oktubre 9,1907, nakagastos na ang pamahalaan E. U. ng $400 milyun at ang halagang ito ay lumalaki ng $30 milyun taon-taon.[30] Paghawi ng putukan at pagkatapos malagay ng mga dayuhang imperyalista ang kanilang mga tuta sa *National Assembly* na ang karamihan ay galing sa uring maylupa, isang milyon, na ang karamihan ay sibilyan, sa konserbatibo tantya ang napatay na Pilipino dahil sa digmaang Pilipino-Amerikano.

Ito ay 14% ng populasyon ng Pilipinas na mga 7,000,000 noong unang dekada ng 1900 ayun sa sensus na ginawa ng mga Amerikano. Sa banda naman ng hukbong Amerikano, ang nasawi ay mga 50,000 sundalo o 33% ng kabuuang pwersa na pinadala nila sa Pilipinas. Ang bilang sa nalipol sa mga Pilipino ay mas higit pa sa 10% na napatay ng hukbo ni Hitler sa populasyon ng USSR na 200 milyun noong pangalwang digmaang pandaigdig. At mayroon na ng mga eroplano at tanke ang mga Nazi.

### KONKLUSYON

Ang digmaang Pilipino-Amerikano ay isa sa pinakamalupit na pananakop ng isang dayuhang bansa sa mga lumalaban na katutubo sa kasaysayan ng mga tao. Ito ay mahahambing sa kampanya ng unang Krusada galing sa Europa sa Palestinya na nagresulta sa masaker ng libo-libong Muslim, karamihan ay sibilyan, lalo na sa Jerusalem noong 1099, sa kampanya mula 1813-1855 upang paalisin ang mga Indyan sa kani-kanilang teritoryo sa Amerika ng mga Amerikano na humantong sa kamatayan ng daang libong Indyan na karamihan ay mga sibilyan din, lalo na sa *Massacre in Bad Axe* noong 1832. Ngunit kahit na lumalamang ang pwersa ng mga Amerikano ng lima sa isang sundalo ng hukbong Pilipino at mayroon silang mga modernong armas, tumagal ang digmaang Pilipino-Amerikano ng 14 na taon, bagaman ayun sa mga mananakop ay mga bandido yaong mga Pilipino na nagpatuloy makibaka pagkasuko ni Heneral Malvar noong 1902.

Ang estilong pananakop ng hukbong Amerikano ay patayin ang mga sumusuko at mga sibilyan sa mga lugar na sinasalakay nila, maglunsad ng malawakang *hamleting* at sunugin ang mga pagkain ng mga tao na sa tingin nila ay sinusuporta ang mga sundalong Pilipino. Dahil dito daang libong mga sibilyan ang mga napinsala sa digmaang Pilipino-Amerikano. Ngunit sa harap ng matinding kalupitan ng mga mananakop, patuloy ang pagtulong ng mga sibilyan Pilipino sa kanilang hukbo, palihim man o hayag. Kaya, namangha ang mga mananakop na ngayon lamang sila nakaranas ng ganitong uri ng pakikibaka. Masasabi na napakalalim na ang diwang nasyonalismo na naabot ng mga Pilipino sa mga panahong iyon. Mayroon nang pagkaunawa sila,

lalo na ang mga mahihirap na masa, na sila ay isang lahi na may komun na aspirasyon at bumubuo ng isang bansa. Ito ay mas matuturing nating resulta ng pag-oorganisa ng mga Katipunero ng mga *balangay* sa halos lahat ng mga probinsiya ng Pilipinas, kaysa impluwensya ng mga tinatawag ng mga Pilipinong propagandista sa Europa. Ang dinadala ng mga propagandista sa Europa ay reporma kaysa rebolusyon at karamihan sa kanila ay sumusulat sa wikang Kastila, sa partikular si Rizal, na hindi naiintindihan ng masa. Mas kilala ang mga propagandistang ito sa mga uring prinsipalya sa Pilipinas.

Sa panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano, kahit na ang urong-sulong na si Aguinaldo ay walang nagawa kung hindi buhayin muli ang mga *balangay* ng mga Katipunero sa mga probinsya ng Pilipinas bagaman ito ay maugnay sa pinapatay niyang si Gat Andres Bonifacio. Alam ni Aguinaldo na walang magiging base ang hukbo militar ng gobyernong Pilipino sa mga probinsiya, kung hindi ito aasa sa mga *balangay* ng mga Katipunero at ang kaakbay nitong milisya ng mga mamamayan. Kung walang ganitong suporta ang hukbong militar Pilipino sa hanay ng masa, malamang nalupig agad ang hukbong ito ng mga dayuhan, kagaya ng pagkalupig ng mga Amerikano sa loob ng maiksing panahon ng hukbong Mehikano sa kampanya nila noong 1821 upang palawakin ang kanilang teritoryo sa tinatawag ngayong New Mexico.

Dahil sa nakita nilang pinamalas ng mga Pilipino na pagmamahal sa bayan noong panahon ng digmaang Pilipino-Amerikano, masusing sinikap ng mga dayuhang mananakop na pawiin ang nasyonalismo ng mga katutubo sa panahon ng kolonisasyon ng Pilipinas. Mahigpit na kinontrol nila ang edukasyon ng mga Pilipino, pinagbawal ang paglathala o pagtanghal ng mga nasyonalistang publikasyon at dula *(Sedition Act of 1901)*, pagtaas ng bandera ng Pilipino *(Flag Act of 1901)* at pagtipon-tipon ng grupo na may tatlong katao. At pinoroklama nila bilang pambansang bayani ang repormistang si Jose Rizal, samantalang ginawa nila ang lahat upang burahin ang mga ideya at diwa ng mga rebolusyonaryong bayani ng bayan, kagaya nina Bonifacio, Mabini, Malvar, Sakay at iba pa. Kung sila ay nagwagi, kasaysayan lamang ang maghuhusga.

## NOTAS

[1] Richard Brinsley Sheridan, *The Filipino Martyrs,* Malay Books, Q. C., Philippines, 1970, p.169.

[2] John R. M. Taylor, *The Philippine Insurrection Against the United States,* vol. II ng limang vol., Eugenio Lopez Philippine History Series, Pasay City, 1971, p.198.

[3] *Ibid.*, pp.196-197.

[4] *Ibid,* p.197

[5] Sheridan, *op. cit.*, p.173.

[6] Taylor, *op. cit.*, p. 204

[7] *Ibid.*, p.208

[8] *Ibid.*, p.211

[9] *Ibid.*, p.216

[10] *Ibid.*, p.218

[11] *Ibid.*

[12] *Ibid.*, p.220

[13] *Ibid.*, p.229, sinalin sa Pilipino

[14] Tingnan ang mas detalyadong pangyayari sa naganap na asasinasyon ni Heneral Antonio Luna sa *The Rise and Fall of General Antonio Luna,* ni Vivencio Jose, Diliman Review, UP Press, 1971, *passim.*

[15] Taylor, *op. cit.*, p.230.

[16] D. Abaya at B. Karganilla, *Miguel Malvar and the Philippine Revolution,* Miguel Malvar Productions, Inc., 1998, pp. 80-81.

[17] Taylor, *op. cit.*, pp.231-232 at Abaya, et. al., p.105.

[18] *Ibid.*, p.253.

[19] *Ibid.*, p.268.

[20] Abaya, et.al., *op.cit.*, p.122.

[21] V.I. Lenin, "Imperialism, the Highest Stage of Capitalism", *Lenin Selected Works*, Moscow, Progress Publ., 1970.

[22] Taylor, *op.cit., p.238.*

[23] *Ibid.*, p.294.

[24] *Ibid.*, pp.276-277

[25] *Ibid.*, p.292.


[26] *Ibid*

[27] *Ibid.*, p.345, sinalin sa Pilipino.

[28] Abaya, et. al, *op. cit.*, pp.110-111, sinalin sa Pilipino.

[29] Taylor, *op. cit.*, p.327.


[30] Abaya, et. al., *op. cit.*, p.124.




# LABANAN SA MAYNILA AT KARATIG POOK

(Pebrero 4, 1899 - Marso 24, 1899)


## ILUSTRASYON I




LEGEND:
- - - -➔ Ruta ng pwersang Pilipino
——➔ Ruta ng pwersang Amerikano
■ Nakatalagang pwersang Pilipino
● Kapital ng Republika ng Pilipinas

## LABANAN SA HILAGANG LUZON
(Marso 31, 1899 - Nobyembre 12, 1899)

ILUSTRASYON II




# LABANAN SA TIMOG LUZON

(Hunyo 7, 1899 - Disyembre, 1899)

## ILUSTRASYON III